



# Seattle Parks & Recreation

healthy people healthy environment strong communities

## PAGPAPATUPAD NG ESTRATEHIKONG PLANO NG 2021

*Muling pakikipag-ugnayan sa ating komunidad upang magpokus sa ating mga prayoridad.*

Sa unang bahagi ng 2020, matapos ng malawakang opinyon na binigay ng publiko, naglabas ang Seattle Parks and Recreational (SPR) ay ng Estratihikong Plano upang gumabay sa paggawa ng programa, mga serbisyo, at ang mga pamumuhunan mula 2020 hanggang 2032. Ang pagpapatupad ng planong ito ay naantala nang bumaling ang SPR sa mga operasyong pang-emerhensiya bilang tugon sa COVID-19 na pandemya. Habang isinasaalang-alang namin ngayon kung paano maipapatupad ang mga prayoridad na ito, hinahangad namin na **muling makipag-ugnayan sa ating komunidad** upang matiyak na ang mga plano ay sumasalamín kung paano nagbago ang mga pangangailangan at prayoridad.

*Inilalahad ng 2020-2032 na Estratihikong Plano ng SPR ang aming mga pangako upang isulong ang aming pananaw sa:*

### MALULUSOG NA MGA TAO

pagbibigay ng makatuwirang mga programa ▪ pagbibigay ng prayoridad sa accessibility para sa lahat ng edad at kakayahan ▪ pagpapanatili ng de-kalidad na mga lugar ▪ pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa aming mga serbisyo ▪ pagtitiyak sa access sa pampublikong lugar ▪ pakikipag-ugnay sa kalikasan ▪ pagbabago sa konsepto sa mga sentro ng komunidad ▪ pagtatayo ng mga pasilidad na marami ang-gamit ▪ pagpapahusay sa access sa pagkain

### MALUSOG NA KAPALIGIRAN

pamamahala ng patuloy na tubig ▪ pagbabawas ng basura ▪ pagbabawas sa mga ibinubugang carbon ▪ pagpapanumbalik ng mga kagubatan sa lungsod ▪ pangangalaga sa parke ▪ paglikha ng mga pasilidad na naaangkop sa klima ▪ pagpapahusay sa ugnayan ▪ pamumuhunan sa alternatibong enerhiya ▪ pagkikintal ng pagpapahalaga sa kalikasan ▪ pagpapalaki sa makatuwirang access sa mga parke

### MATATAG NA MGA KOMUNIDAD

pagbibigay ng mga oportunidad na nagpapayaman sa kaalaman ▪ pagbibigay ng pangangalaga sa bata ▪ pagbabawas sa mga hadlang sa serbisyo ▪ pagpopondo sa mga programa na itinutulak ng komunidad ▪ pagpapahusay sa kaligtasan ng parke ▪ pagtugon sa kawalan ng tirahan ▪ pagho-host ng mga kaganapan sa komunidad ▪ pakikipag-usap nang malinaw ▪ paghahanap ng mga oportunidad na pangkabuhayan ▪ pakikibahagi sa mga partner ▪ pagbibigay ng malinis at ligtas na pampublikong mga palikuran

### KAHUSAYAN SA ORGANISASYON

pagsasagawa ng puspulang pag-aanalisa sa pagkaka-pantay-pantay ▪ pagkamit ng pambansang pagkilala ▪ pagbuo ng malakas na pwersa ng manggagawa ▪ pamumuhunan sa mga kawani ▪ pag-update ng mga system ▪ patuloy na pagpapalano ▪ paghamon sa kasalukuyang sitwasyon ▪ paggawa ng isang paraan sa para sa buong siyudad ▪ pagsunod sa pagpapanatili ng ikot ng buhay ▪ pagpapasimple sa pangangasiwa ng komunidad

*Na may napakahalagang katapatan sa:*

**LANDAS TUNGO SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY:** Ang landas ng SPR upang magampanan natin ang ating bahagi para wakasan ang institusyonal at nakasanayang rasismo at buwagin ang kultura ng pangangibabaw ng mga puti.

## PAGBABAGO NG KONTEKSTO

Sa nakalipas na 18 buwan, ang Seattle ay nakaranas ng malaking pagkagambala at pagbabago. Habang muli naming sinusuri ang mga panandaliang aksyon at pamumuhunan, **naghahanap kami ng feedback** kung paano gagampanan ng aming mga serbisyo sa mga parke at libangan ang kanyang papel sa pagtugon sa apat na magkakatulad na krisis na ating kinakaharap:



**PAMPUBLIKONG  
KULUSUGAN AT  
KAGALINGAN**



**PAGTUTUOS  
NG LAHI**



**PAGBAGSAK  
NG EKONOMIYA**



**MGA EPEKTO NG  
PABABAGO NG  
KLIMA**

Sa Agosto at Setyembre 2021, nagpapalano kaming makipag-ugnayan sa mga komunidad na aming pinagsisilbihan sa pamamagitan ng ilang mga gawain:

- Pamunuan ng SPR na **mga sesyon ng pakikinig** kasama ang mga samahan sa komunidad
- Mga personal na pagtulong at pakikipag-usap sa **mga parke** at **mga kaganapan sa komunidad**, kabilang ang mga serbisyo sa pagsasalin
- Isang **online open house** na may survey na sumusuri sa kasalukuyang mga pangangailangan
- Mga pakikipag usap sa mga **kawani ng SPR** sa lahat ng antas upang matuto mula sa kanilang mga propesyonal at karanasan sa buhay
- Pakikipag-ugnayan sa mga kalahok sa aming **mga programa**, sa mga bisita sa aming **mga pasilidad, parke, at bakanteng lugar**, sa kasalukuyang **kaganapan sa pagtulong para sa kapital na proyekto** at marami pang iba!

## ANONG SUSUNOD

Pagtulong sa  
komunidad at  
sa online

Pagtatakda ng  
mga panandali-  
ang aksyon  
(2022-2024)

Tukuyin ang  
mga prayoridad  
na popondohan

Ipatupad at  
tingnan  
pagkatapos

## MANATILING KONEKTADO AT ALAMIN ANG HIGIT PA



Basahin ang Estratehitikong Plano at alamin lagi ang mga update at oportunidad para makibahagi:  
<http://www.seattle.gov/parks/strategicplan>



Tumulong! Ipaalam sa amin kung anong nasa isip mo.  
[PKS\\_SPRStrategicPlan@seattle.gov](mailto:PKS_SPRStrategicPlan@seattle.gov)